

MGA SERBISYO NG AWAIC

Ang Abused Women's Aid In Crisis (AWAIC) ay ang tanging pang-emergency na kanlungan ng biktima ng karahasan sa tahanan at ang ikalawang pinakamalaking tagapagbigay ng serbisyo para sa biktima ng karahasan sa tahanan sa estado. Ito ay nagsimula bilang isang programa para sa ligtas na tahanan noong 1977 upang magbigay ng mga kalidad na serbisyong pang-emergency at pangsusuporta sa mga indibidwal na naapektuhan ng karahasan sa tahanan. Misyong naging magbigay ng ligtas na kanlungan at pamamagitan para sa biktima ng karahasan sa tahanan, at pag-iwas sa karahasan sa tahanan. Namamagitan kami sa paulit-ulit na karahasan sa pamamagitan ng ligtas na kanlungan para sa mga biktima at mga anak nila, pagsusuporta at pagtaguyod para sa lahat ng miyembro ng pamilya, at edukasyon sa komunidad. Nagtatrabaho kami upang palakasin ang mga naapektuhan ng karahasan sa tahanan at suportahan ang kanilang karapatang magpasya para sa kanilang sarili. Nagbibigay ang AWAIC ng suporta sa pamamahala ng kaso, pagtataguyod, at kumpidensiyal na suporta sa indibidwal at grupo para sa mga indibidwal na nakaranas ng emosyonal, pisikal, at/o seksuwal na pang-aabuso mula sa taong malapit sa kanila o mula sa kapamilya. Kabilang sa mga serbisyo at programa ang mga:

Pang-emergency na Kanlungan

Pinapanatili ng AWAIC ang isang kanlungan kung saan maaaring humingi ng tulong ang mga kababaihan at kanilang mga anak anumang oras na sila ay nasa panganib. Matatagpuan ito malapit sa corner ng 13th at A, at maaaring magsilbing tuluyan para sa 52 katao. Maaaring manatili ang mga biktima ng karahasan sa tahanan nang hanggang tatlong araw habang nagpapasya sila kung ano ang susunod nilang gagawin. Nag-aalok kami ng mga alternatibong pagpipilian sa pabahay para sa mga lalaking biktima ng karahasan sa tahanan.

Pamamagitan sa Krisis o Kagipitan/24 na Oras na Linya para sa Kagipitan- 907-272-0100

Nagbibigay ang AWAIC ng linya para sa krisis o kagipitan na may tumutugon 24 na oras bawat araw. Hinihikayat na tumawag ang mga nakaligtas mula sa karahasan sa tahanan o sinumang may kilalang taong nasa panganib o kagipitan para makipag-usap sa sinanay na tagapagtaguyod tungkol sa kanilang kalagayan.

Mga Grupong Pang-edukasyon at Pangsusuporta

Nag-aalok ang AWAIC ng iba't ibang grupong pang-edukasyon at pangsusuporta sa karamihan sa araw ng linggo. Sinasaklaw ng mga grupong pang-edukasyon ang malawak na hanay ng mga paksa tungkol sa iba't ibang aspeto ng karahasan sa tahanan. Nag-aalok naman ang mga grupong pangsusuporta ng oportunidad sa mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa isang kapaligirang nakapagbibigay ng suporta. Mayroon ding inaalok na mga grupong pinapangunahan ng aming manggagamot sa mismong lugar at grupo sa art therapy. Hindi kailangang naninirahan sa kanlungan ang mga kalahok upang makadalo, ngunit kailangang nakakumpleto sila ng intake (pakikipanayam bago magsimula) sa isang tagapamahala ng kaso bago dumalo sa grupo.

Mga Pambatang Programa

Ang mga batang nanirahan sa tahananang may karahasan ay naaapektuhan ng nakita o naranasan nila. Mayroong mga miyembrong kawani ang AWAIC na espesyal na sinanay upang tulungan ang mga bata na magkaroon ng kumpiyansa sa sarili at maunawaan na hindi sila ang dahilan ng kung ano ang nakita nila sa kanilang tahanan. Nagbibigay ang AWAIC ng maayos na kapaligiran na may mga palaruan para sa bawat grupo ng edad, isang panlabas na palaruan, iba't ibang aktibidad na pangkalusugan at pang-edukasyon, at nakaiskedyul na transportasyon papunta sa mga paaralan. Nagbibigay din ang mga tagapagtaguyod ng mga bata ng suporta, edukasyon at pagbibigay ng mga rekomendasyon sa mga magulang.

Harmony House

Nag-aalok ang AWAIC ng pansamantalang pabahay para sa mga kababaihang lumalayo mula sa karahasan sa tahanan. Nag-aalok ang Harmony House ng murang pabahay nang hanggang dalawang taon para sa mga kababaihang sumasailalim sa pagbabago patungo sa pamumuhay nang mag-isa. Maaari itong tuluyan ng sampung kababaihang walang nakadependeng anak at ito ay matatagpuan sa pag-aari ng AWAIC. Tumawag sa 743-5724 para sa karagdagang impormasyon.

Moving Forward

Kapag umaalis sa pang-emergency na kanlungan sa AWAIC ang isang kalahok ng programa, o isinangguni ng ibang ahensiya, maaaring kwalipikado sila para sa aming permanenteng programa sa pabahay, ang Moving Forward. Tumutulong ang Moving Forward sa mga nakaligtas mula sa karahasan sa tahanan habang sila ay lumilipat sa permanenteng pabahay, naghahanap ng trabaho, at nagtataguyod ng mga malusog at ligtas na buhay. Maaaring manatili sa programang ito ang mga kalahok nang hanggang anim na buwan pagkatapos makakuha ng ligtas at permanenteng pamahay. Tumawag sa 743-5752 para sa karagdagang impormasyon.

Pagtataguyod sa Batas

Maaaring mahirap maintindihan at suriin ang sistema ng batas, kaya naman mayroong mga tagapagtaguyod sa batas ang AWAIC sa hukuman, pitong araw sa isang linggo, upang tumulong sa mga utos para sa proteksyon, pag-apply para sa mga libheng serbisyong legal, at pagsama sa mga nagpepetisyon sa mga pagdinig. Ang mga tagapagtaguyod na ito ay nasa tanggapan para sa karahasan sa tahanan ng Boney courthouse (hukuman) sa 303 K Street. Tumawag sa 264-0790 para sa karagdagang impormasyon.

Alaska Domestic Violence and Sexual Assault Intervention Project (ADVSAIP, Proyekto ng Alaska sa Pamamagitan sa Karahasan sa Tahanan at Seksuwal na Pananakit) Pagkatapos ng insidente ng pang-aabuso, karaniwang humaharap sa maraming pagsubok ang mga nakaligtas mula rito. Kabilang sa mga hamong ito ang mga tanong tungkol sa batas, pangangailangan para sa emosyonal na suporta, impormasyon, at tulong pinansyal. Ibinibigay ng ADVSAIP ang mga pangangailangang ito sa mga nakaligtas mula sa karahasan sa tahanan sa Anchorage na tumutugon sa mga kinakailangan para maging kwalipikado. Tumawag sa 743-5708 para sa karagdagang impormasyon.

Edukasyon para sa Pag-iwas at para sa Komunidad

Dapat na tumaas ang kamalayan ng publiko tungkol sa karahasan sa tahanan upang mabawasan ang karahasan. Nag-aalok ang departamento sa Pag-iwas (Prevention department) ng AWAIC ng mga pagsasanay, pampublikong presentasyon, at mga materyales para sa pampublikong edukasyon. Kabilang sa mga pinagtutuunang larangan para sa pag-

iwas ang mga kabataan sa mga paaralan sa lugar, ang paghikayat na lumahok ang mga matatanda at batang lalaki para sa pagsisikap na itigil ang karahasan, at ang pagtutulungan ng mga ahensiya at miyembro ng komunidad upang bumuo ng kulturang walang karahasan sa Anchorage. Mayroong mga presentasyon sa mga manonood na kinabibilangan ng mga guro at mag-aaral at pati na rin ng mga organisasyon para sa serbisyo at mga grupong propesyonal. Tumawag sa 743-5706 para sa karagdagang impormasyon.

Alaska Native Women in Anchorage (Willa's Way)

Maaaring mas komportable sa mga mas maliit na kanlungan ang mga kababaihang mula sa lalawigan. Inaalok ng AWAIC at Southcentral Foundation ang programang Willa's Way, kung saan naninirahan ang mga kababaihan sa isang ligtas na tahanan at mayroon silang nakatuon na tagamapahala ng kaso. Para makipag-ugnayan sa programang Willa's Way, mangyaring tumawag sa 729-2500.

Manggagamot na may Kaalaman sa Trauma

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Anchorage Community Mental Health Services (Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Komunidad ng Anchorage), may inilaan ang AWAIC na manggagamot sa mismong lugar para mga kalahok. Ang manggagamot na ito na may kaalaman sa trauma ay nakikipagpulong sa mga kalahok at ginagabayan ang mga grupo. Maaaring irekomenda ang mga kalahok ng kanilang mga tagapamahala ng kaso sa AWAIC.

Pamamahala sa Kasong Pagkalulong sa Droga

Ang AWAIC ay mayroong isang full time na tagapamahala ng kaso na may espesyalidad sa pagtulong sa mga indibidwal na nakakaranas ng pagkalulong sa droga. Nakikipagpulong ang tagapamahala ng kaso na ito sa mga kalahok na lulong sa droga at nagbibigay ng suporta kaugnay sa mga layuning tinukoy ng kalahok. Ang tagapamahala ng kaso ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa pagkalulong, samahan ang kalahok sa mga pagpupulong, at/o tulungan ang kalahok sa pagkuha ng pagsusuri o pagpapagamot. Mangyaring tumawag sa 743-5749 para sa karagdagang impormasyon.

Flourishing Child Program ng CITC

Ang tagasaayos ng pagtataguyod (advocacy coordinator), na matatagpuan din sa Cook Inlet Tribal Council, ay responsable sa pagbibigay ng screening, sangguni, panandaliang pamamahala ng kaso, at mga serbisyo sa pagtataguyod para sa mga indibidwal, magulang, at batang nalantad sa karanasan sa tahanan. Iniuugnay ng tagasaayos ng pagtataguyod ang mga kalahok sa mga serbisyo sa komunidad batay sa indibidwal sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga partner sa pagbibigay ng sangguni at kalahok na mga biktima ng karahasan sa tahanan. Mangyaring tumawag sa 793-3473 para sa karagdagang impormasyon.